

Ut in confessióne veræ sempiternæque Deitátis, et in persónis proprietas, et in esséntia únitás, et in maiestáte adorétur æquálitás.

Quam laudant Angeli atque Archángeli, Chérubim quoque ac Séraphim: qui non cessant clamáre cotidie, una voce dicéntes: — **Sanctus, Sanctus, Sanctus Dominus Deus...**

ANTIPONA SA KOMUNYON • Kar 16:20

PANEM de coelo dedísti nobis, Dómine, habéntem omne delectaméntum et omnem sapórem suavitátis.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

SUMPTIS, Dómine, coeléstibus sacraméntis: ad redemptiónis æternæ, quæsumus, proficiámus augméntum. Per Dóminum.

Kaya sa pagsampalataya sa Dios na totoo at walang hanggan ay sinasamba namin ang pagkakaiba ng mga persona, ang kaisahan ng pagka-Dios at ang pagkakakapantay-pantay ng kamahalan.

Ito ang ipinagbubunying walang humpay ng mga Anghel at Arkanghel, gayundin ng mga Kerubin at Serapin, nang walang humpay sa kalangitan: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...**

TINAPAY buhat sa Langit, iyong ipinagkaloob sa amin, Poong Mahal: taglay nito ang lahat ng kaligahayan at ang lahat na nanunuot na katamisan.

KAMING tumanggap nitong makalangit na sakramento, Panginoon, ay humihiling naman sa Iyo na bigyang-lakas kami patungo sa aming walang hanggang kaligtasan. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

Hermanidad de Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite
Comision Para sa Pagsasalin

IKALABING-TATLONG LINGGO MAKARAAN ANG PENTECOSTES

Misa “Respice, Domine”

• II cl. • Semidoble • Luntian

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Ps 73:20, 19, 23

RESPICE, Dómine, in testaméntum tuum, et ánimas páuperum tuórum ne derelínquas in finem: exsúrge, Dómine, et iúdica causam tuam, et ne obliviscáris voces quæréntium te. — *Ps 73:1* Ut quid, Deus, reppulísti in finem: irátus est furor tuus super oves páscuæ tuæ? *V.* Gloria Patri. Respice.

HUWAG Mong limutin ang Iyong tipan, Panginoon, at huwag mong pabayaang kailanman ang buhay ng Iyong mga inaapi. Bumangon ka, Poon, ipaglaban Mo ang iyong karangalan; huwag mong siphayuín ang tinig nitong mga nagsusumamo sa Iyo.

— *Salmo 73:1* O Diyos, bakit mo kami itinakuwil magpakailanman? Bakit ang iyong galit ay umuusok laban sa mga tupa ng iyong pastulan? *V.* Luwalhati sa Ama. — Huwag mong limutin...

▪ *Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Diyos)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

OMNIPOTENS sempitérne Deus, da nobis fidei, spei et caritátis augméntum: et, ut mereámur asséqui quod promíttis, fac nos amáre quod præcipis. Per Dominum.

MAKAPANGYARIHAN at walang hanggang Dios, dagdagan Mo sana sa amin ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig, upang makamit ng mga umiibig sa Iyo ang tapat Mong pangako. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

SULAT • Gal 3:16-22

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Galatia.

MGA KAPATID: Ngayon, nangako ang Diyos kay Abraham at sa kanyang supling. Hindi sinasabi, “At sa kanyang mga supling,” na ang tinutukoy ay marami kundi, “At sa iyong supling,” na iisa ang tinutukoy at ito’y si Cristo. Ito ang ibig kong sabihin, pinagtibay ng Diyos ang isang kasunduan at ipinangako niyang tutuparin ito. Ang kasunduang iyon at ang mga pangako ng Diyos ay hindi mapapawalang-saysay ng Kautusan na dumating pagkaraan ng apat na raan at

tatlumpung taon. Kung ang pamana ay ipinagkakaloob dahil sa Kautusan, hindi na ito dahil sa pangako. Ngunit ang pamana ay ibinigay ng Diyos kay Abraham bilang katuparan ng kanyang pangako. Kung ganoon, ano ang silbi ng Kautusan? Idinagdag ito upang maipakita kung ano ang paglabag, at may bisa ito hanggang sa dumating ang anak na pinangakuan. Ibinigay ang Kautusan sa pamamagitan ng mga anghel, sa tulong ng isang tagapamagitan. Kapag may tagapamagitan, nangangahulugang higit sa isang panig ang gumagawa ng kasunduan—subalit ang Diyos ay iisa. Ang ibig bang sabihin nito'y salungat ang Kautusan sa mga pangako ng Diyos? Hinding-hindi! Kung ang kautusang ibinigay ay nakapagbibigay-buhay, ang tao'y magiging matuwid sa paningin ng Diyos sa pamamagitan ng pagsunod niya sa Kautusan. Ngunit ayon sa kasulatan, ang lahat ng tao'y alipin ng kasalanan, kaya't ang ipinangako ng Diyos ay matatanggap sa pamamagitan ng pananalig kay Jesu-Cristo na ibinibigay sa lahat ng sumasampalataya. — **R. Salamat sa Diyos.**

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 73:20, 19, 23; Ps 89:1

RESPICE, Dómine, in testaméntum tuum, et ánimas páuperum tuórum ne derelínquas in finem:
V. Exsúrge, Dómine, et iúdica causam tuam: memor esto oppróbrii servórum tuórum.

Allelúia, allelúia. V. Dómine, refúgium factus es nobis a generatióne et progénie. **Alleluia.**

TUNGHAYAN Mo, Poon, ang iyong tipan, at huwag Mo pong pababayaang kailanman ang iyong mga inaapi.

V. Bumangon ka, Poon, at ipaglaban Mo ang iyong simulain: Huwag mong kalilimutan ang mga daing ng iyong mga lingkod.

Aleluya, aleluya! V. Poon, ikaw na po ang aming naging tanggulan mula sa lahat ng salit-saling lahi. **Aleluya.**

EBANGHELYO • Lc 17:11-19

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Lucas.

NOONG PANAHOONG IYON: Habang patungo sa Jerusalem, dumaan si Hesus sa pagitan ng Samaria at Galilea. Pagpasok niya sa isang nayon, sinalubong siya ng sampung lalaking ketongin, na nakatayo sa malayo. Sila'y nagsisigaw at nagsabi, “Hesus, Panginoon, mahabag ka sa amin.” Nang makita Niya sila, sinabi niya sa kanila, “Humayo kayo at magpakita kayo sa mga pari.” Habang sila'y umaalis, sila ay nagiging malinis. Nang makita ng isa sa kanila na siya'y gumaling na, bumalik siya na pinupuri nang may malakas na tinig ang Diyos. Siya'y nagpatirapa naman sa paanan ni Hesus na nagpapasalamat sa kanya; at siya'y isang Samaritano. Kaya naman nagtanong si Jesus, “Hindi ba sampu ang nalinis?

Nasaan ang siyam? Wala bang natagpuang bumalik at nagbigay papuri sa Diyos, maliban sa dayuhang ito?” At sinabi ni Jesus sa kanya, “Tumindig ka at humayo. Pinagaling ka ng iyong pananampalataya.” — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ **May Credo o Sumasampalataya.**

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 30:15-16

IN te sperávi, Dómine; dixi: Tu es Deus meus, in mánibus tuis témpora mea.

SA Iyo, Poong Mahal, ako'y umaasa; sinabi ko, “Ikaw ang Dios ko, at sa nasa iyong kamay ang aking kapalaran.”

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

PROPITIARE, Dómine, pópulo tuo, propitiáre munéribus: ut, hac oblatiÓne placátus, et indulgéntiam nobis tríbuas et postuláta concedas. Per Dóminum.

MAHABAGIN mong tunghayan, Panginoon, ang iyong bayan, kalakip ang kanilang mga iniaalay sa Iyo: pakundangan sa mga hain na ito'y maipagkaloob Mo sa amin ang pagpapatawad at yaong aming mga hinihiling sa Iyo. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

PREPASYO NG BANAL NA SANTATLO

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens et eterne Deus:

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakakagaling, sa lahat ng dako at sandali na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Diyos na makapangyarihan at walang-hanggan.

Qui cum unigénito Fílio tuo et Spíritu Sancto unus es Deus, unus es Dóminus: non in unius singularitáte persónæ, sed in uníus Trinitáte substántiæ. Quod enim de tua glória, revelánte te, crédimus, hoc de Fílio tuo, hoc de Spíritu Sancto sine differéntia discretiónis sentímus.

Kasama ng Anak mong Bugtong at Espiritu Santo, ikaw ay iisang Dios at at iisang Panginoon: isa sa pagka-Dios ngunit tatlo sa pagka-persona. Sapagka't kung ano ang aming sinasampalatayanan sa iyong pahayag patungkol sa kaluwalhatian mo ay gayon din sa Anak at Espiritu Santo nang walang pagtatangi.